# Kataga ng Buhay

**Nobyembre 2025**

## “Mapalad ang mga tagapagtaguyod ng kapayapaan, sapagkat sila’y tatawaging mga anak ng Diyos”

(Mateo 5:9) .

Kamakailan, isang institusyon ng pananaliksik na itinatag ng tatlong unibersidad sa Italy ang nag-ulat na higit sa isang milyong “pagpapahayag ng poot” o hate messages ang nai-post sa Internet sa isang taon. Ang mga mensahe ng pagkapoot sa mga dayuhan, sa mga Hudyo at, lalo na, sa mga kababaihan ay lalong nagiging marahas.

Siyempre, hindi natin maaaring lahatin ang mga tao, ngunit karamihan sa atin ay nakaranas ng mga palaaway na ugali, insulto at sálungatan sa ating mga pamilya o sa trabaho o sa sports at iba pa, na naghahati sa atin at nagpapahina sa pagkakaisa sa lipunan. Kasalukuyang may 56 na armadong labanan sa buong mundo, ang pinakamataas mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na nagreresulta sa malaking bilang ng mga sibilyan na nasawi.

Sa sitwasyong ito, ang mga salita ni Hesus na pumupukaw sa ating pag-iisip ay mas totoo at makapangyarihan.

**“Mapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila’y tatawaging mga anak ng Diyos.”**

‘Bawat bansa at bawat tao ay nakadarama ng matinding paghahangad sa kapayapaan, pagkakasundo at pagkakaisa. Ngunit sa kabila ng ating mga pagsisikap at kabutihang loob, pagkatapos ng libu-libong taon ng kasaysayan, hindi pa rin natin nakakamit ang matatag at pangmatagalang kapayapaan. Dumating si Hesus upang magdala sa atin ng kapayapaan — ang kapayapaang ito, aniya, ay hindi katulad ng ‘ibinibigay ng mundo,’ [1] dahil hindi lamang ito kawalan ng digmaan, alitan, pagkakabaha-bahagi at trauma. Ang Kanyang kapayapaan ay sumasaklaw sa lahat ng mga bagay na ito. Ito ay higit pa: ito ang kaganapan ng buhay at kagalakan; ito ang kaligtasan ng buong tao; ito ay kalayaan; ito ay katarungan at pagkakapatiran sa lahat ng mga tao, batay sa pag-ibig.’[2]

Ang Kataga ng Buhay sa buwang ito ay ang ikapitong Mapalad na nasa simula ng Pangangaral sa Bundok (Mateo 5–7). Bumaling si Hesus, na kongkretong pagpapahayag ng lahat ng mga Mapalad, sa Kanyang mga alagad upang turuan sila. Kapansin-pansin na ang walong Mapalad ay binuo para sa maramihan. Pinagpahiwatig nito na hindi ang mga indibidwal na saloobin o kabutihang asal ang binibigyang-diin kundi ang kabuuan ng mga tamang pag-uugali na isinasagawa sa isang grupo.

**“Mapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila’y tatawaging mga anak ng Diyos.”**

Sino ang mga tagapagtaguyod ng kapayapaan? Itong ‘mapalad’ ang pinaka-aktibo at malinaw na humihingi ng kongkretong pagsisikap. Ang mga salita ay katulad ng sa

unang talata ng Bibliya na tumutukoy sa paglikha at ang mga ito'y nagpapahiwatig ng pagkukusa at kasipagan. Ang pag-ibig ay likas na malikhain … at hinahangad ang pagkakasundo kahit ano pa ang hingin nito. Ang mga natuto ng sining ng kapayapaan at nagsasagawa nito ay tinatawag na mga anak ng Diyos. Alam nila na walang pagkakasundo kung walang pag-aalay ng buhay, at ang kapayapaan ay dapat laging hanapin kahit saan… Hindi ito isang personal na gawain na bunga ng sariling kakayahan, ngunit isang pagpapakita ng biyayang natanggap mula kay Kristo, na siyang ating kapayapaan at ginawa tayong mga anak ng Diyos.'[3]

**"Mapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila'y tatawaging mga anak ng Diyos."**

Kaya, paano natin isasabuhay ang mga salitang ito? Una sa lahat, sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng tunay na pag-ibig sa lahat ng dako, mamagitan kapag ang kapayapaan ay nanganganib sa ating paligid. Kung minsan, kailangan lamang na makinig nang buong pagmamahal at atensyon sa mga nag-aaway, upang makahanap ng solusyon.

Higit pa rito, hinihiling nito na huwag tayong tumigil hangga't hindi nagkakaroon ng paghilom ang mga nasirang ugnayan, na ang sanhi kadalasa'y mga walang kuwentang bagay. Marahil maaari tayong magpasimula ng mga aktibidad sa ating mga grupo, samahan o parokya upang itaas ang kamalayan sa pangangailangan ng kapayapaan. Mayroong napakaraming mga panukala sa buong mundo, malaki at maliit, na nakatuon dito: mga martsa, konsiyerto, pagpupulong at boluntaryong gawain na nagpapakilos sa isang agos ng kabutihang-loob na bumubuo ng kapayapaan.

Mayroon ding mga programa sa edukasyong pangkapayapaan, tulad ng 'Living Peace[4].' Sa ngayon, mahigit dalawang milyong bata, kabataan at matatanda sa mahigit 2,600 paaralan at grupo sa limang kontinente ay bahagi ng mga inisyatiba nito. Kabilang dito ang paglulunsad ng 'Peace Dice' — bunga ng 'sining ng pagmamahal'[5] ni Chiara Lubich — na may nakasulat na mga salita sa bawat panig upang tumulong sa pagbuo ng mapayapang ugnayan, at ang pandaigdigang 'Time Out' na ilang sandali ng katahimikan, pagninilay, o panalangin para sa kapayapaan tuwing 12:00 ng tanghali araw-araw.

Augusto Parody Reyes at ang pangkat ng Kataga ng Buhay

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

[1] Cf. Juan 14:27 [2] C. Lubich, Kataga ng Buhay, Enero 2004 [3] Papa Francisco, Pangkalahatang Panayam, 15 Abril 2020 [4] http://livingpeaceinternational.org [5] C. Lubich, 'The Art of Loving,' New City Press, New York 2010

**Distributed in Japan by Focolare:**
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tel. Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424
Nagasaki: 095-849-3812